

himulmol, mangangahas pa rin ba tayong tanggapin ang isa't isa, sa pamamagitan ng pagpapatawad, at nang hindi susubukang patunayan kung sino ang naging tama o naging mali? Walang pakikipagkasundo nang walang sakrisipisyo.

++ Kasabay ng mabuting pagtanggap sa kapwa ang pagkilala sa kaibahan ng iba. Kung ang kanilang paniniwala ay nananatiling mahirap unawain para sa atin, maaari tayong magbigay-pansin man lamang sa kanilang pagiging tunay. Marapat na may salik ng pagdiriwang sa pagkakatuklas sa iba!

Ikaapat na Panukala **Hayaang lumago ang pagkakaibigan upang maihanda ang kapayapaan**

Hindi ikinahiya ni Hesus na tawagin tayong mga kapatid Niya. [Hebreo 2:11-12]

Sinabi ni Hesus: lisa ang inyong Guro at kayong lahat ay magkakapatid. Huwag ninyong tawaging ama ang sinumang tao sa lupa sapagkat iisa ang inyong Ama, ang Ama na nasa langit. [Mateo 23: 8-9] *Sinabi rin niya: Ang sinumang sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit, iyon ang aking ina at mga kapatid.*" [Mateo 12:50]

Darating ang mga tao buhat sa silangan at sa kanluran, sa hilaga at sa timog, at kakain sa handaan sa kaharian ng Diyos. [Lucas 13:29]

Ang pag-aambag sa kapayapaan at sa pandaigdigang katarungan ay isa pang landas ng pag-asa na maaari nating buksan ngayon.

Ang kapayapaan sa sangkalupaan ay nagsisimula sa puso ng bawat tao. Unang-unang nangangailangan ng pagbabago ay ang ating mga puso, at sangkot sa pagbabagong ito ang isang simpleng pagbabalik-loob—pagpapahintulot sa Espiritu ng Diyos na manahan sa kalooban natin, pagpapatuloy sa kapayapaang kakalat at maipapahayag mula sa isang tao patungo sa iba. "Magkamit ng kapayapaan ng kalooban, at libu-libong nakapaligid sa iyo ang maliligtas." (Seraphim ng Sarov, isang mongheng Ruso, 1759-1833.)

++ Sa ating mga sariling buhay, isulat natin ang mga bagong pahina ng isang payak na pakikiisa na nilalampasan ang mga pagkakakahati-hati at mga pader: mga pisikal na pader na itinayo sa iba't ibang bahagi ng mundo at pati ang mga pader ng kamangmangan, mapinsalang pagkiling at ideolohiya. Maging bukas tayo sa iba pang mga kultura at pananaw.

++ Hindi natin dapat payagang pumasok sa ating mga puso ang pagtatakwil sa mga dayuhan, sapagkat ang pagtanggap sa iba ang siyang binhi ng barbarismo. Sa halip na tingnan ang mga dayuhan bilang banta sa antas ng ating pamumuhay o ng ating kultura, maaari ba natin silang tanggapin bilang miyembro ng iisang pamilya ng sangkatauhan? Bakit hindi natin bisitahin ang mga *refugees*, na ang tanging dahilan ay upang makilala sila at mapakinggan ang kanilang mga kuwento? Sa gayon—malay natin—masusunod ito ng iba pang mga hakbang ng pakikiisa.

++ Paano natin makikilala ang iba pang tao na kakaiba mula sa atin? At ang makiisang-loob sa mga tao na iba ang pananaw, sa isang dayalogo kung saan tunay tayong nakikinig sa isa't isa, nang hindi nakikipagtalo bago pa man maunawaan ang ibang tao. Maaari ba tayong humanap ng mga paraan ng pananatili sa mga lugar ng pagkakahiwalay, at ng pagtatayo ng mga tulay? Ipanalangin natin yaong mga hindi natin nauunawaan at yaong mga hindi umuunawa sa atin.

++ Maaaring paramihin ang mga tanda ng pakikiisa nang lampas sa mga hangganan ng relihiyon. Ang pakikipagtagpo sa mga mananampalataya ng ibang mga relihiyon ay humihikayat sa atin na palalimin ang ating kaalaman sa sarili nating pananampalataya, habang tinatanong ang ating mga sarili kung ano ang sinasabi at ipinagkakaloob sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng mga kapatid nating ito na ibang-iba kaysa sa atin.

Taizé 2017 **Apat na Panukala para sa 2017**

Sama-sama, Nagbubukas ng mga Daan ng Pag-asa

Sa bungad ng Setyembre 2016, isang yugto ng pilgrimage of trust ang nagtipon nang sama-sama sa 7,500 kabataang Africano sa Cotonou, Benin. Ang paksa ng pagtitipong ito ay patuloy na magbibigay inspirasyon sa atin sa buong Taong 2017: **sama-sama** – hindi nag-iisa, at sa halip ay nagsusuportahan sa isa't isa – **mabubuksan natin ang mga daan ng pag-asa** – sa ating mga sarili, sa ating paligid, at para sa pamilya ng sangkatauhan.*

Isa sa mga naitanong sa Cotonou ay ito: Upang mapalago ang ating pag-asa, paano natin matatalikdan ang ugali ng kawalang-pakialam kung saan kontento na tayong naghihintay ng pagbabago mula sa labas? Anong mga uri ng pagtatalaga ng sarili ang abot-kamay ng bawat isa?

Lubhang kailangan para sa mga mula sa ibang mga kontinente ang makinig sa maraming mga Africanong nangangarap ng mas malawakang katarungan sa mga ugnayang politikal at pang-ekonomiya: isa ito sa mga kondisyon para sa kanila upang makatotohanang mailarawan ang pagtatayo ng isang bukas para sa kanilang mga bansa.

Upang maihanda ang kanilang kinabukasan, parami nang parami ang mga kabataan sa Africa ang nagnanais na gamitin ang dakilang malikhaing kakayahan na nasa kanila. Sa gayon ay mapupukaw nila ang tibay ng loob sa mga kabataan sa iba pang mga bahagi ng mundo na nakakaranas ng parehong situwasyon.

Upang maipagpatuloy, sa Taizé at sa iba pang dako, ang pagninilay na sinimulan sa Cotonou, narito ang apat na panukalang magdadala sa atin sa pagbubukas ng mga daan ng pag-asa.

*Sisikapin nating humanap ng mga paraan ng pagtuklas kung paanong maisasakatuparan ang mga panukalang ito nang may **kapayakan**, isa sa tatlong katotohanan – kasama ang **kagalakan at awa** – na ibig maitampok ni Brother Roger sa pinakapuso ng buhay ng Taizé Community.*

– Brother Alois

Unang Panukala **Magpakatatag sa pag-asa; ito ay pagkamalikhain**
Kahit wala nang pag-asang magkaanak, nanalig pa rin si Abraham na siya'y magiging ama ng maraming bansa. [Roma 4:18]

Ang pag-asang ito ang siyang matibay at matatag na angkla ng ating buhay [Hebreo 6:19]

Ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Diyos gaya ng isang bata ay hinding-hindi paghaharian ng Diyos. [Lucas 18:17]

Sa kawalang katiyakan ng mundo ngayon, niyanig tayo ng karahasan, pagdurusa at kawalan ng katarungan. Nagpapalahaw ang sangnilikha na waring nanganganay. Nagpapalahaw din ang Espiritu Santo, bagama't ang Espiritu ring ito ang sandigan ng ating pag-asa (basahin ang Roma 8:22, 26). Kaya't ano ang maaari nating gawin?

Ang pananampalataya ay payak na pagtitiwala sa Diyos. Hindi ito nagbibigay ng mga gawa na at nakahandang kasagutan, subalit ginagawa nitong posible para sa atin na hindi maparalisa ng takot o kahinaan ng loob. Pinamumunuan tayo nitong makisangkot, at pinahahayo tayo sa

* Matapos sa Johannesburg (1995), Nairobi (2008) at Kigali (2012), ang ika-apat na yugto ng *pilgrimage of trust on earth* sa Africa ay inorganisa sa Cotonou, Benin, mula Agosto 31 hanggang Setyembre 04, sa paanyaya ng Simbahang Katoliko at Metodista ng Benin. Bukod sa mga kabataang nagmula mismo sa Benin, ang ilang bahagi ng 7,500 na kabataang kalahok ay mula sa Togo (800), Nigeria (550), Ghana (100), Burkina Faso (160) at Ivory Coast (50). Sa kabuuan, 20 bansang Africano ang na-representa, at mayroon ding 60 Europeo mula sa 15 bansa. Pranses, Ingles, at Fon ang mga wikang ginamit sa mga panayam at mga palihan, at sa liturhiya ay kasama ang mga awit sa wikang Yoruba at Mina.

daraan. Sa pamamagitan nito, nauunawaan natin na nakapagbubukas ang Ebanghelyo ng mas malawak na horisonte o pananaw ng pag-asa na higit pa sa ating sama-samang pag-asa. Ang pag-asang ito ay hindi isa lamang madaliang optimismo na nagpipikit ng mga mata sa realidad, ngunit isang angklang nakakapit sa Diyos. Ito ay pagiging malikhain. Ang mga tanda nito ay natagpuan na sa mga pinaka-hindi inaasahang pook sa daigdig.

++ Mangangahas ba tayong manalig sa presensiya ng Espiritu Santo na nasa ating mga puso at nasa ating mundo? Maaari ba nating asahan ang presensiyang ito, bagama't hindi ito nakikita?

++ Manatili nawang payak ang ating pananampalataya, gaya ng pagtitiwala ng mga bata! Hindi ibig sabihin nito ang pagpapababa ng nilalaman ng pananampalataya, ngunit ang mahigpit na pagkapit sa kung ano ang nasa sentro nito—ang pagmamahal ng Diyos para sa sangkatauhan at para sa sangnilikha. Isinasalaysay ng Bibliya ang kuwento nito, mula sa kasariwaan ng simula nito hanggang sa lahat ng mga balakid, at maging ang kawalan ng katapatan ng tao. Hindi kailanman napapagod ang Diyos na magmahal: panatilihin nawang buhay sa atin ng mensaheng ito ang pag-asa!

++ Upang hayaan ang ating mga sarili at ang mga malapit sa atin na maisaloob ang mensaheng ito, kinakailangan nating magtipon nang mas madalas upang manalangin. Ang simpleng kagandahan ng pagdarasal ay may sinasalamin sa hiwaga ng Diyos at maaaring maghatid sa isang personal na pakikipagtagpo sa Kanya.

Ikalawang Panukala **Simplehan ang ating buhay upang makapagbahagi**
Sinabi ni Hesus: Ako'y maamo at mapagkumbabang loob. [Mateo 11:29]

Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad.
[Mateo 10:9]

Sinabi ni Hesus sa isang mayamang binatilyo: Ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi sa mga mahihirap ang pinagbilhan... Pagkatapos, bumalik ka at sumunod ka sa akin.
[Mateo 19:21]

Pagkakamkam—ang pakikipag-unahan para sa salapi at tagumpay—ay naghahatid sa kawalan ng katarungan at pagkasiphayo. Ang diwa ng bahaginan, na inaanyayahan tayong isaloob ng Ebanghelyo, ay isa sa mga daan ng pag-asa na marapat nating buksan ngayon.

Ang pagpili sa simpleng pamumuhay ay bukal ng kalayaan at kagalakan. Sa gayon ang buhay ay magiging hindi gaanong mabigat na pasanin.

Ang pagiging payak ay nangangahulugang kalinawan ng puso. Bagama't hindi ito mapaniwalain, tumatangi itong mawalan ng tiwala. Kabaligtaran ito ng pagdadalawang-mukha. Binibigyang kakayahan tayo na makapasok sa dayalogo, nang walang pangamba, sa sinumang ating makasalamuha. Ang buhay ni Hesus ay isang halimbawa nito.

++ Kung patungkol sa mga materyal na bagay, pagsumikapan nating patuloy na mamuhay nang payak. Magbibigay ito ng inspirasyon sa atin ng mga gawaing pagbabahagi sa harap ng paghihirap ng sangkatauhan, nakahahamak na karukhaan, mga pagsubok sa mga migrante, o alitan sa alinmang sulok ng mundo.

++ Humanap tayo ng mga paraan upang suportahan ang isa't isa sa pagsasakatuparan ng mga magiging na tanda ng pag-asa sa ating mga kapitbahayan, sa mga lugar kung saan tayo naghahanapbuhay o nag-aaral, sa pamamagitan ng panlipunan o pang-kalikasang pagtatalaga ng ating mga sarili.

++ Paano tayo mamumuhay nang may mas malawak na pakikitugma sa sangnilikha sa pamamagitan ng payak at di-magarbong pamumuhay, nag-aambag sa ganitong pamamaraan sa pakikibaka laban sa pagkasira ng kalikasan at *global warming*? Ang labang ito ay hindi lamang para sa mga pinuno ng mga bansa; bawat isa sa atin, halimbawa, ay maaaring gumamit ng mas maraming mga lokal na produkto, gumamit nang mas madalas ng pampublikong sasakyan...

++ Maaari bang mapanatiling buhay sa ating mga puso ang katanungang ito: handa ba akong sumunod kay Kristo, Siya na maamo at mababa ang loob, pinipiling mapabilang sa Kanya magpakailanman sa kasimplehan ng isang “oo”, sa diwa ng pagiging bukas-palad?

Ikatlong Panukala **Magsama-sama upang hayaang**
mabunyag ang sigla ng Ebanghelyo

Kapag ang nagugutom ay kusang-loob ninyong pakakainin, at tutulongan ang mahihirap, sisikat ang liwanag sa inyong nasa kadiliman, at ang inyong kapanglawan ay magliliwanag gaya ng sa katanghaliang-tapat. [Isaias 58:10]

Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa Templo, masayang nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang mga tahanan, at may malinis na kalooban. [Gawa 2:46]

Iba't iba ang mga espirital na kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito. Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. [1 Corinto 12:4-7]

Palaging maging bukás ang inyong pinto sa mga taga-ibang bayan. Lingid sa kanilang kaalaman, may ilang nakapagpatuloy na ng mga anghel. [Hebreo 13:2]

Isinasalaysay ng Bibliya ang kuwento ng dalawang lalaki, si Pedro at si Cornelio, na magkaibang-magkaiba ang pagkatao sa maraming bagay ngunit tinagpo ang isa't-isa, at dahil dito ay natuklasan ang isang katotohanang dati ay hindi batid ng ni isa sa kanila. Kinailangan nilang maging magkasama upang maunawaan na ang Espiritu Santo ay nagbubuwag ng mga pader at pinagkakaisa yaong mga nag-aakalang sila ay estranghero sa isa't isa. Ang sigla ng Ebanghelyo ay nahahayag lamang kapag tayo ay magkakasama. (Basahin ang kabanata 10 at 11 ng *Gawa ng mga Apostoles*.)

Kapag hati-hati ang mga Kristiyano, sa pagitan man ng ng denominasyon o sa loob ng parehong Simbahan, lumalabo ang mensahe ng Ebanghelyo. Kaya ba nating maglakbay nang sama-sama nang hindi hinahayaang paghiwalayin tayo ng ating mga pagkakaiba-iba? Kung tayo, bilang mga Kristiyano, ay makahahapan ng pamamaraan para ipakitang posible ang pagkakaisa sa gitna ng ating mga pagkakaiba, makakatulong tayo sa buong sangkatauhan na lalong maging nagkakaisang pamilya.

++ Pinagkakaisa ni Kristo sa iisang sambayanan ang mga lalaki at babae, mga bata at matatanda, ng lahat ng pananaw, wika at kultura, at kahit yaong mga mula sa mga bansa na sa kasaysayan ay may alitan. Magsipaghanap tayo ng mga simpleng paraan upang maipakita ito sa mga lugar kung saan tayo nabubuhay.

++ Upang manatiling buhay, ang bawat pamayanan ay tinatawag na lumabas mula sa sarili nito. Maaari bang palakasin ang saloobin ng mabuting pagtanggap, sa wangis ng Diyos, sa mga Kristiyanong may mga tayóng ibang-iba kaysa atin? Ang ganitong kabukasan ng puso ay nangangailangan ng pagsisikap ng “pagsasalin”, sapagkat ang iba't-ibang paniniwala at paninindigan ay maaaring ihalintulad sa mga wikang kaiba sa isa't isa.

++ Kahit nananatiling buhay ang alaala ng kawalang-pagpaparaya sa pagitan ng mga Kristiyanong nagkawatak-watak sa pagdaan ng panahon at hindi pa man makalas ang mga